SULONG: Dangal ng Wikang Filipino, tutungo sa Samar

Ipagpapatuloy ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang serye ng mga pambansang seminar-workshop, ang *Sulong: Dangal ng Filipino*, sa Eastern Samar State University, Lungsod Borongan, Samar mula 7–9 Oktubre 2014.

Magpapanayam si Pambansang Alagad ng Sining at Tagapangulo ng KWF Virgilio S. Almario ang pagtalakay ng Ortograpiyang Pambansa (OP) at Sagisag Kultura ng Filipinas (SK).

Talakayin din ni Dr. Edgar C. Samar, propesor mulang Ateneo De Manila University (ADMU), ang *Manwal sa Masinop na Pagsulat* (MMP) ng KWF.

Nilalayon ng *Sulong: Dangal ng Filipino* na mapalawak ang napapanahong kaalaman sa wika at kulturang Filipino sa buong bansa. Kaakibat ng KWF ang Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA), Filipinas Institute of Translation (FIT), Eastern Samar State University, at Pamahalaang Lungsod ng Borongan.

Ang KWF ay ang natatanging ahensiyang pangwika sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Filipinas. Itinatag sa pamamagitan ng Batas Republika Blg.7104 ng 1991, inaatasan itong “tiyakin at itaguyod ang ebolusyon, pagpapaunlad at pagpapayaman pa ng Filipino na wikang pambansa ng Filipinas, batay sa umiiral na mga wika ng Filipinas at iba pang wika.”